FACT SHEET

# Mga Paraang Nagbibigay-Proteksyon at mga Imbestigasyon

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* (AGTA) ay nag-aalok ng iba't-ibang mga opsyon upang suportahan ang nasa hustong gulang na Albertans na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga personal at/o pinansiyal na desisyon.

Gayunman, problema ang pag-abuso sa mga taong madaling maabuso. Ang proteksyon sa mga taong madaling maabuso ay nangangailangan ng pang-proteksyon at ang AGTA ay nagbibigay ng maraming paraan na nagbibigay-proteksyon, kabilang ang isang masinsinang proseso ng pagreklamo at mga imbestigasyon.

## Ano ang mangyayari kung hindi tama ang paggawa ng isang co-decision-maker, guardian, o trustee sa kanyang trabaho?

Ang AGTA ay dinibelop upang pahusayin ang proteksyon sa mga taong madaling maabuso. Karamihan ng guardianship, co-decision-making at mga trusteeship arrangement ay gumagana nang mahusay; gayunman, kung mayroong mga problema, maaari kang magrehistro ng reklamo.

Ang proseso sa mga reklamo at mga imbestigasyon ay para sa mga malaláng reklamo. Maaari kang magreklamo kung naniniwala ka na:

- hindi sumunod (o hindi nakakasunod) sa utos ng Hukuman ang isang guardian, co-decision-maker o trustee;
- hindi tumupad (o hindi nakakatupad) sa kanilang mga duty ang isang guardian, co-decision-maker o trustee;
  AT
- ang hindi pagtupad na ito ay malamáng na makapipinsala sa tinutulungan o kinakatawang taong nasa hustong gulang - sa katawan, kaisipan o pananalapi.

## Paano ako magrereklamo?

Ang mga reklamo ay dapat gawin nang nakasulat, may pirma at dapat isumite sa Office of the Public Guardian. Ang pormularyo sa reklamo ay maaaring makuha online sa www.seniors.alberta.ca/opg o sa pamamagitan ng pagkontak sa Office of the Public Guardian (tingnan ang likod na pahina para malaman kung paano ito makokontak).

Ang mga reklamo ukol sa trusteeship ay isinusumite rin sa Office of the Public Guardian.

## Ano ang mangyayari habang ginagawa ang isang imbestigasyon?

Habang ginagawa ang isang imbestigasyon, tatawagan ka ng Complaints Officer upang ipaalam sa iyo na ang iyong reklamo ay natanggap at tatalakayin niya ang iyong mga alalahanin. Batay sa impormasyon na iyong ibinigay, pagpapasiyahan ng Complaints Officer kung isasangguni ang usapin sa imbestigasyon o hindi.

Kung isinangguni ang reklamo sa imbestigasyon, sasabihin sa co-decision-maker, guardian o trustee na sila ay iniimbestigahan. Ang kinakatawang taong nasa hustong gulang at ang sinumang iba pang mga decision-maker ay sasabihan din ukol sa imbestigasyon.

Kung napagpasiyahan ng Complaints Officer na hindi mag-imbestiga, papadalhan ka nila ng isang sulat na nagpapaliwanag ng dahilan. Maaari rin nilang imungkahi ang ibang mga remedyo tulad ng alternatibong resolusyon sa pagtatalo at mediation (pagpapamagitan).

Kung natupad ng reklamo ang criteria ng AGTA sa imbestigasyon, ang reklamo ay isasangguni para sa imbestigasyon. Kung ang reklamo ay tungkol sa Public Guardian o Public Trustee, itatakda ang isang nagsasariling imbestigador.

Iinterbyuhin ng mga imbestigador ang mga tao na nakakaalam ng sitwasyon at rerebyuhin nila ang mga kaugnay na rekord. Batay sa nakuhang impormasyon, titiyakin ng mga imbestigador kung ang reklamo ay may batayan o wala. Ipapaalam sa iyo ang resulta ng imbestigasyon. Ipapaalam din ang resulta ng imbestigasyon sa co-decision-maker, guardian o trustee, sa kinakatawang taong nasa hustong gulang at sinumang iba pang mga decision-maker.



OPG5608-T (2010/06)

Government of Alberta

Ang mga imbestigador ay maaaring gumawa ng mga rekomendasyon upang lutasin ang sitwasyon, kabilang ang mga pagsangguni sa mga serbisyo ng mediation, kung naaangkop.  Sa mga sitwasyon kung saan ang kinakatawang taong nasa hustong gulang ay nasa malubhang panganib, mayroong mga probisyon upang gawin nang mabilis ang proseso upang siguraduhing maproprotektahan ang taong nasa hustong gulang.

Kung ang taong nasa hustong gulang ay nasa kagyat na kapahamakan, maaaring mag-aplay ang Public Guardian sa Hukuman para sa isang pansamantalang utos para sa proteksyon.  Ito ay magpapahintulot na ilipat kaagad sa ligtas na lugar ang kinakatawang taong nasa hustong gulang.  Ang Public Guardian o Public Trustee ay maaari ring mag-aplay sa korte na tanggalin ang co-decision-maker, guardian o trustee.

Bagama't bihirang nangyayari ang mga sitwasyong ito, inilalaan ang mga pang-proteksyon na ito upang protektahan ang mga taong madaling maabuso.

## Mga Nagpapatnubay na Prinsipyo

Ang Adult Guardianship and Trusteeship Act ay nakabatay sa apat na nagpapatnubay na prinsipyo:

- itinuturing na ang taong nasa hustong gulang ay may capacity at nakagagawa ng mga desisyon hanggang natiyak ang kabaligtaran nito;
- ang kakayahang makipag-usap ay hindi isang pagtitiyak ng capacity, ang taong nasa hustong gulang ay maaaring makipagkomunika sa ibang paraan na nagbibigay sa kanila ng paraang maunawaan;
- pag-focus sa pagsasarili nang 'di gaanong nakikialam at 'di gaanong humahadlang; at
- paggawa ng desisyon na may focus sa pinakamainam para sa taong nasa hustong gulang at kung paano sana gagawin ng taong nasa hustong gulang ang desisyon kung kaya niya ito gawin.

## Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan ang libreng matatawagang numero ng Office of the Public Guardian para sa impormasyon:
**1-877-427-4525**
Lunes hanggang Biyernes
8:15 ng umaga – 4:30 ng hapon

**www.seniors.alberta.ca/opg**

## Mga opisina

Ang Office of the Public Guardian ay may mga opisina sa buong probinsiya. Sila'y bukas Lunes hanggang Biyernes mula 8:15 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon. Upang makonekta nang libre, tumawag muna sa 310-0000.

**Northwest Region**
Grande Prairie: 780-833-4319


**Edmonton Region**
Edmonton: 780-427-0017

**Central Region**
Red Deer: 403-340-5165

**Northeast Region**
St. Paul: 780-645-6278

**Calgary Region**
Calgary: 403-297-3364

**South Region**
Lethbridge: 403-381-5648
Medicine Hat: 403-529-3744



OPG5608-T (2010/06)

Government of Alberta